

# CHAPTER *One*

Isinara ni Halley Jaymes Delagarza ang hawak na *Moleskine* notebook at ibinalik iyon sa backpack niya nang marinig ang tinig ng piloto sa intercom. Malapit na raw silang lumapag sa *L.F. Wade International Airport* sa St. George's. Sa labas ng bintana niya, iba't ibang shades ng asul ang bumati sa kanya, mula sa sapphire blue ng dagat papunta sa light blue ng langit.

And not far from where they were, like a chain of sparkling diamonds in the middle of all the dark blues and greens of the North Atlantic Ocean, was the island territory of Bermuda.

Lumundag ang puso niya sa tuwa nang makita ang mga isla. She was finally going to make her mother's dream come true.

*Sana kasama kita dito, Mama,* bulong niya sa sarili.

Pero di bale na. Alam naman niyang masaya ang mama niya habang pinapanood siya mula sa langit.

Nang lumapag ang eroplano matapos ang kulang-kulang dalawampung minuto, isa si Jaymie sa mga unang nag-disembark. Dumaan siya ng Immigration pagkatapos ay sa baggage carousel para kunin ang dala niyang bagahe. Nang bitbit na ang mga bags, lumabas na siya ng Arrivals area ng airport.

Mainit sa labas. Tirik ang araw na halos mahapdi sa balat. Walang kaulap-ulap sa kalangitan. Summer kasi kaya maganda ang panahon. Kaya rin maraming tao. Okay lang kay Jaymie. She was too happy to be bothered by the summer crowd.

Graduation gift ng lolo at lola niya ang biyahe niyang ito, pero alam ni Jaymie na gusto rin ng dalawa na malibang siya matapos ang pagkamatay ng mama niya. Three months ago, her mother lost her battle with breast cancer. She passed away one day after Jaymie's graduation.

*“Kahit saan mo gusto, sweetheart,” sabi sa kanya ng lolo niyang si Senator Gordon Delagarza nang banggitin nitong iyon ang magiging regalo ng mga ito sa kanya. “Kahit pa sa Mars.”*

Nagdalawang-isip ang lolo niya nang sabihin

niyang dito sa Bermuda niya gusto dahil baka nga raw mapahamak siya. There were a lot of stories about the infamous *Bermuda Triangle* kung saan bigla na lang nawawalang parang bula ang mga eroplano at barkong dumaraan doon. She thought it was part of the charm.

It had been easy to choose to go to Bermuda. Her mother had always spoken about going on vacation there. Ilang beses nilang ipinangako sa isa't isa na pupunta sila rito mula pa noong bata siya, pero laging hindi natutuloy hanggang ngayon nga na tuluyan na silang naubusan ng pagkakataon. Kaya determinado si Jaymie na libutin ang buong Bermuda kung kaya niya at i-enjoy ang bawat sandali na naroon siya. Para sa mama niya.

Luminga-linga siya para hanapin ang dapat ay susundo sa kanya mula sa hotel na tutuluyan. Ang lola kasi niya ang nag-ayos ng biyaheng ito, mula flights niya papunta at pauwi hanggang sa accommodations. She was supposed to stay at *De Clare House* na isang bed-and-breakfast sa Southampton Parish. Ayon sa research niya, nasa bandang timog daw iyon ng isla kung saan naroon ang ilan sa pinakamagagandang mga beaches.

Inisa-isa ni Jaymie ang mga nakatayo roon na nag-aabang sa mga dumarating. Tumawag siya sa may-ari ng B-and-B para ibigay rito ang oras ng

pagdating niya at sinabihan siya nitong ipapasundo siya nito. Ibinigay nito sa kanya ang pangalan ng susundo sa kanya. Sino kaya sa mga ito si Reece?

Natuon ang mga mata niya sa isang matangkad at guwapong lalaking kahit sa suot nitong simpleng puting T-shirt, maong at sneakers ay parang model ng isang sikat na clothing brand.

He was taller than most of the people beside him so she was sure he was well over six feet. He wasn't bulky but he had a slim, well-muscled body kung pagbabasehan ang pagkakaumbok ng muscles nito sa sleeves ng T-shirt at ang lapad ng mga balikat nito. He also had really long legs.

Kayumanggi ang balat ng lalaki. Parang Pinoy ang kulay pero pang-may lahi ang features. His hair was dark brown, wind-blown and was a little wavy. Mula sa kinatatayuan ni Jaymie, hindi niya sigurado kung ano ang kulay ng mga mata nito. Matangos ang ilong nito, sexy ang mga labi, at maganda ang hubog ng panga. She kinda wanted to stroke her fingers over his jaw to feel if his skin was smooth or if he was starting to grow a beard stubble.

Buti na lang talaga at naka-shades siya dahil dumako rin sa kanya ang mga mata ng lalaki. Nagkunwari siyang hindi ito pinagmamasdan pero nahagip ng mga mata niya ang maliit na dry-erase board na hawak nito. Nakasulat doon ang pangalan

niya.

Her heart did a happy little dance. Mukhang guwapong lalaki pa ang sundo niya. She wondered if he was up to a little summer fling.

As if marunong siyang makipag-fling.

Inalis niya ang suot na sunglasses saka lumapit dito. Napatingin din ito sa kanya, saka sumungaw ang isang ngiting muntik na niyang ikatalisod.

“Hi.”

“Hi,” sagot nito. “Are you Miss Delagarza?”

“Yes.”

“I’m from *De Clare House*. I’m here to pick you up. I’m Reece by the way.” Inilahad nito ang palad sa kanya. “Miss De Clare said she told you that I’d be your driver today.”

“Yes, she did. And I’m Jaymie.”

“Nice to meet you! How was your trip?” tanong nito habang binubuhat nang walang kahirap-hirap ang mga bagahe niya para ilagay sa trunk ng sasakyan.

He had a different sort of accent which, to her, sounded American that had a hint of British. And again, to her, it was crazy sexy.

“Long.” Natawa siya. “I basically came straight from Manila because I only stopped in New York for a few hours before my flight here.”

“I hate long flights too but I promise you, it’s

going to be worth it. Do you love the beach?”

“Yes, I do actually.”

“There you go! Anywhere you look here, you can see the water. And it’s also really easy to get around. You can’t rent a car but if you could ride a scooter or a bike, you can go anywhere.”

“And I’m looking forward to it,” nakangiti niyang saad.

Isinara na ni Reece ang trunk saka binuksan ang pinto ng kotse para sa kanya. Sumakay siya at inilapag ang backpack sa tabi niya sa upuan.

Ang bango ng kotse nito. Amoy cologne ng lalaki. Nang makasakay si Reece, saka niya na-realize na amoy nito ang bumabalot sa kanya.

Dahil nakaupo siya sa likuran at sa bandang kanan ng lalaki, puwede siyang magnakaw ng tingin dito. Ang ganda kasi ng profile nito. Agaw-pansin, eh! Pero hindi kinaya ng kaguwapuhan ni Reece ang ganda ng dagat na agad nakaagaw sa atensyon ni Jaymie nang matanaw niya iyong muli.

“Oh, my God, ang ganda talaga,” di niya sinasadyang masabi nang malakas.

“Ang ganda, ano?” ani Reece mula sa driver’s seat.

Napatingin siya rito at natawa. “Sabi ko na nga ba, eh! Pilipino ka, ano?”

Ngumiti ito sa kanya sa rearview mirror. “Half,”

sagot nito. “I’m full Bermudian because I was born here pero Pilipina ang mama ko. Dito din ipinanganak si Papa, but he’s half-Portuguese, ’tapos halong Irish, British, Scottish and a few other races he’s not sure about ’yung isa pang half.”

Kinilig nang todo si Jaymie. Iba lang talaga kasi para sa kanya ang pakiramdam kapag naririnig niya ang Filipino kapag nasa ibang bansa siya.

“Saan ka natutong mag-Tagalog?”

“Dito tumira ang lola ko n’ung three years old ako. Siya ang nag-alaga sa ’kin. Tagalog niya ako kausapin.”

“I see.” Pinagmasdan niya itong muli, nagsisisi na sa likuran siya naupo. Sana pala sa passenger seat na lang sa harapan para tabi sila. Mas masaya sana. “Alam mo, natutuwa ako sa accent mo.”

“May accent ako?” biro nito.

Tumawa siya. “I’m sure sa ’yo may accent din ako, pero kasi kapag magsalita ka parang halong American saka British.”

“Gan’un talaga ang accent ng mga tao dito. Kapag American ang kausap namin, parang British daw ’yung accent. Pero kapag British ang kausap ko, mas American daw ang accent ko.”

Tumango siya. Ang weird lang na accents lang ang pinag-uusapan nila, eh, interesadong-interesado na siya.

“Ano pala’ng work mo sa *De Clare House*?”

Sinulyapan siya nito. “Actually, hindi ako d’un nagtatrabaho talaga. Wala kasi ’yung driver ni Aunt Nancy kaya nakisuyo siya sa ’kin kung puwedeng ako muna ang sumundo sa ’yo.”

“Ah, aunt mo pala si Mrs. De Clare?”

“Miss pa siya. Saka hindi rin,” tawa nito. “Yun lang tawag ko sa kanya kasi papaluin ako ng lola ko kapag narinig niyang Nancy lang ang tawag ko kay Aunt Nancy. I work for her brother during the summer holidays. I’m actually a dive instructor.”

“Bakit summer lang?” *Ay, chismosa lang talaga?*

“I still go to university. I’m a senior at *Florida Tech*.”

“Talaga? Sa Florida ka pa nag-aaral?”

“Wala kasing college na nag-o-offer ng four-year course dito. Kung gusto mo ng degree, sa US mainland ka pa puwedeng pumasok.”

“Medyo malayo, ah. Hindi ba mahirap? Hindi nakaka-homesick?” Hindi naman halata na gusto niyang malaman ang buong life story ni Reece bago sila makarating sa *De Clare House*, di ba?

“Oo, pero okay lang. Sanayan lang. Saka ngayon, isang semester na lang, graduate na ako. Then I can stay here and work fulltime.”

“As a dive instructor?”

He laughed again. “No, as a marine biologist.”



“Wow!” bulalas ni Jaymie, na-impress. “That’s awesome! I mean, not that there’s anything wrong about being a dive instructor. But a marine biologist!”

Mahiyain ang ngiting lumabas sa mga labi ni Reece.

That was when the street they were driving on opened to the causeway, a long stretch of road leading to the next island that was all sparkling jewel-bright water on either side. Muling lumundag ang puso ni Jaymie. All she could see was the ocean and the sky and happy possibilities. She had no words to describe the beauty of it.

“Ang ganda talaga,” sabi na naman niya.

“Oo, maganda talaga,” pabulong na sang-ayon ni Reece.

Nang tingnan niya itong muli, nakatingin ito sa kanya sa rearview mirror bago ito mabilis na nag-iwas ng tingin at ibinalik ang mga mata sa kalsada.

She had to bite her lip to stop herself from grinning when she saw that his cheek was red.

## CHAPTER *Two*

*H*apon na, iniisip pa rin ni Reece si Jaymie. Hindi niya inaasahan ang naging reaksyon niya rito. Sanay naman siya sa magagandang mga babae, pero kakaiba talaga nang mapatingin siya rito at nagtanggap ito ng sunglasses bago ito ngumiti sa kanya. It was stupid and crazy but he felt like he'd been waiting for her his entire life. At hindi siya iyong klase ng lalaki na romantic, ah.

Sanay siya sa iba't ibang ganda ng mga babae. Masyadong diverse ang mga tao sa Bermuda para masabi niyang may isang tipo lang ng ganda roon. There were black people, white people, people of European descent, African, American, Native American, halo-halo talaga. And he had no idea that he had a "type". Ngayon lang, kasi *type* pala

niya si Jaymie.

She was tall, with a body that was more slim than curvy, but had just the right amount of curves where they counted. She also had long, long, golden legs showcased by the pair of cutoff shorts she was wearing.

Her black hair was long and wavy. Her eyes were a lighter shade of brown and shone with intelligence. Her nose was narrow and straight, her smile sweet. Malambot ang features nito na parang hindi makabasag-pinggan pero pakiramdam niya ay pilya ito kung ibabase sa ngiti nito at sa kinang ng mga mata. Parang masarap itong maging kaibigan.

Parang masarap din itong maging girlfriend.

Umiling siya at ibinalik ang atensyon sa SCUBA gear na nililinis. Mamaya may makaligtaan siya, kasalanan pa niya kung may maaksidente.

“Hey.”

Napalundag siya at muntik nang mabitawan ang tangke ng compressed air na inihahanda niya para sa naka-schedule na dive kinabukasan. Buti at agad niya iyong nahawakan bago pa bumagsak sa paa niya.

Nilingon niya si Uncle Jim na nakatayo sa likuran at halatang nagulat din sa pagkagulat niya.

“Are you all right?”

“Yeah! Except maybe you took ten years off my

life!”

Ngumiti ito.

He liked Uncle Jim. Tahimik itong tao pero kuwela rin kapag nasa mood. Pinagtiyagaan siya nito mula pa noong bata siya at sinimulan niya itong sundan-sundan. Ito ang nagturo sa kanyang maging marino. Lahat ng alam niya tungkol sa boating, swimming, snorkeling at diving ay dito niya natutunan.

Gaya ni Aunt Nancy, hindi rin ito nag-asawa. Ilang beses din siya nitong biniro na siya na lang daw ang anak nito.

“How did it go?” Naglakad ito palapit sa mesa para ibaba ang dala nitong mga snorkeling gear.

“How did what go?”

“The guest you were supposed to pick up.”

“It was okay,” sagot niya na ibinalik ang atensyon sa inaayos na tangke para hindi niya kailangang tingnan si Uncle Jim. Baka kasi hindi niya maitago na may interes siya sa babaeng kanina lang niya nakilala. “I picked her up and brought her right back here. She had lunch then went straight to bed.”

Tumikhim ang lalaki. “So, uhm, how... how is she?” tila nananantya nitong tanong.

Sinulyapan niya ito at nakitang inaayos nito ang mga diving masks at hindi rin nakatingin sa kanya.

“She’s...” *Beautiful. Gorgeous. Sexy.* Siya naman

ang tumikhim. “Nice. She’s nice.”

Tumango si Uncle Jim na hindi pa rin nag-aangat ng tingin.

“You’ve been to the Philippines once before, haven’t you?” tanong ni Reece. Naalala kasi niyang naikwento nito sa kanya iyon minsan.

“Yes.”

“In Manila?”

“Yes,” muli nitong tipid na sagot.

“What’s it like?”

Huminto sa pag-aayos ng mga gamit si Uncle Jim. Akala niya ay may nakita itong basag o sira sa hawak na face mask. Itatanong na sana niya kung may problema ba, pero muli na itong kumilos. “It was okay. Hot.”

Kumurap siya. Sa dami ng puwedeng sabihin tungkol sa Manila, iyon lang ang nasabi nito. “Hot?”

Nagkibit-balikat ito. “It was summer.”

Sabay silang lumingon patungo sa opisina nang marinig na may tumawag mula roon.

“Hello?” sabi ng tinig ng isang babae.

Lumundag ang puso ni Reece. “It’s her,” aniya na sana ay hindi masyadong masaya ang tono.

Tamang-tamang nakita niyang sumilip din si Jaymie sa pinto palabas sa shop kung saan siya naroon. Nagliwanag ang mukha nito nang makita siya.

“Hi!”

“Hey!” bati niya na masaya rin ang ngiti. Sumenyas ang babae na kung maaari itong tumuloy sa kinaroroonan niya at tumango siya. Tumayo na rin siya at itinabi ang tangke na binubusisi niya.

“Aunt Nancy told me I could find you here,” sabi ni Jaymie habang palapit. Inilibot nito ang tingin sa mga equipment na organisadong nakaayos sa mga mesa at estante. Nagkaroon tuloy siya ng pagkakataong pagmasdan ito.

Mas gumanda lang ito sa paningin niya. Nakapusod ang buhok, walang makeup, nakasuot ng puting top na manipis ang straps, isang pares ng maikling denim shorts, at flipflops.

Nang bumalik ang mga mata nito sa kanya, binigyan niya ito ng isang masayang ngiti na ibinalik nito. Sumenyas siya kay Uncle Jim. “Oh, yeah. This is—” Pero wala na ang lalaki sa puwesto nito kanina. “Where’d he go?”

“Oh, was that your boss? Nakita ko lang ’yung likod niya kasi ang bilis niyang lumabas.”

“Ah. Eh, mahiyain kasi talaga ’yun. So, uh? How may I help?”

“Tinanong ko din si Aunt Nancy kung may kakilala siyang puwedeng mag-tour sa ’kin. Hindi kasi ako sumali sa mga group tours, eh. Ayoko kasi ng naka-schedule ang bakasyon ko. Pero siyempre

gusto ko naman na may kasama habang namamasyal ako.”

*Me! Pick me! Choose me!*

“May kilala ka ba na puwedeng guide?”

“Ako na lang,” mabilis niyang sagot.

Pumalampak si Jaymie at lumundag-lundag sa tuwa. “Talaga? Yay! Thank you! Magkano ang rate mo per hour?”

Tumawa siya. “Libre na.”

“Hindi puwede!” natawang sagot nito. “Oras mo ’yun! Kailangan kong bayaran.”

“Hindi! Mamamasyal na nga lang ako, papabayaran ko pa sa ’yo.”

Umiling ang babae na tumatawa pa rin. “Hindi nga puwede! Bigyan mo ako ng hourly rate kasi kung hindi, sige ka, kukuha ako ng ibang tour guide.”

Bumuntong-hininga si Reece. “Sige na nga. Ilibre mo na lang ako ng pagkain pag kakain tayo nang magkasama.”

“Yun lang?”

“Yeah,” sabi niya kahit pa alam na niyang maghahanap siya ng paraan para siya pa rin ang manlibre rito.

Si Jaymie naman ang bumuga ng hangin. “Sige na nga. Pero dapat matakaw ka, ah. Saka ako na’ng bahala sa lahat ng fees kung meron man. Kailan mo ako puwedeng samahan?”

“Puwedeng ngayon na kung nakapahinga ka na.”

“Talaga? Sige! Saan tayo unang pupunta?”

“Puwede tayong mag-snorkel kung ’yun ang gusto mong unahin. Kung gusto mo lang lumangoy sa beach, puwede rin naman. Maglalakad lang tayo sa kabilang beach. Gusto mo bang mag-dive? Kasi puwede rin.”

She chewed on her bottom lip. “Yeah, but don’t I need a license or a permit for that?”

“I can take care of that for you.”

“Okay, pero huwag muna ’yun. Mag-snorkel na lang muna tayo.”

“Sige. ’Tapos bukas, pagkatapos ng breakfast, saka kita ipapasyal.”

“Okay!” masaya nitong saad.

“Sige, kung gusto mong magbihis. I’ll meet you here in an hour?”

“Okay!” Tumalikod si Jaymie para bumalik sa bahay sa itaas pero muli siya nitong hinarap. “Thank you, Reece. Ngayon pa lang, thank you.”

Muli siyang ngumiti. Actually, pakiramdam niya siya ang dapat mag-thank you rito.

“You’re welcome.”



Bago maglipat ang oras, nakabalik na si Jaymie sa shop. Nakasuot na ito ng itim na rashguard na



may violet na trimming at cutoff shorts, at may dalang violet ring dry bag. She looked like an excited little kid. Ganoon din ang nararamdaman ni Reece, hindi lang niya ipinahahalata.

Sumilip silang muli sa opisina pero wala na naman doon si Uncle Jim kaya kay Casey na lang siya nagpaalam, isa sa mga kasamahan niyang nagbabantay sa shop.

Iginiya na niya si Jaymie sa pampang. Ibinigay niya rito ang life vest saka ang gear nito.

“Marunong ka bang lumangoy?” tanong niya.

“Oo. Pero mabilis akong mapagod so okay akong may life vest. Saka huwag mo akong iiwan, ah! Baka mamaya kung saan ako mapunta! Wala akong visa papunta ng Puerto Rico.”

Tumawa siya saka tiningnan ang higpit ng mask na suot ni Jaymie. “Huwag kang mag-alala. Susunduin kita kung mapadpad ka d’un. Are you comfortable?”

“Yup! Oh, my God!” bulalas nito, nakatingin sa tubig. “Yun na ba ’yung mga isda?”

Hindi napigilan ni Reece ang mangisi sa tuwa at sa pride. This was *his* place, and to see the awe in her face made him happy. Isa pa, eh sa talaga namang maganda ang view. The sea was the color of crystal. At talagang sinasabayan ng makukulay na mga isda ang mga alon na kahit nakatayo ka lang

sa pampang ay makikita mo nang lumalangoy ang mga ito sa batuhan.

“Hindi ba sila napupunta sa buhangin? Oh, my God! They’re beautiful! Ang dami nila!”

“Lika,” aya niya saka inilahad dito ang isang palad. “Lapit tayo.”

Inalalayan niya ito sa mabatong bahagi. Nakatungo si Jaymie dahil may mga isda na kaagad sa paanan nila. When the water became deep enough, he kicked off and started to tread water. Tumingin sila ni Jaymie sa tubig at pinanood ang mga isda.

It didn’t matter how many times he’d done this, every time was as amazing and incredible as the first. Nadama niyang humigpit ang hawak ni Jaymie sa kamay niya. Nilingon niya ito para tingnan kung may problema, kung nahihirapan ba itong lumangoy o ano, pero papaling-paling lang ito sa ilalim ng tubig na para bang hindi alam kung saan nito itutuon ang pansin.

Nag-relax muli si Reece at hinayaang mag-enjoy ang sarili.

Kumuha rin ng pictures si Jaymie gamit ang isang maliit na underwater digital camera. Nag-volunteer siyang kuhanan din ito ng larawan habang napapaligiran ito ng mga isda at lumulutang sa ibabaw ng corals. At nang hilingin nitong kuhanan

din siya ng litrato nang umahon sila mula sa tubig, pumayag si Reece kahit nahihiya.

“Ipapadala ko sa barkada ko sa Manila! Ipapakita ko kung gaano kaguwapo ang guide ko!”

Naghalo ang hiya at ang tuwa sa kaalamang iniisip pala nitong guwapo siya. “Huwag! Baka sabihin nila mukha akong tipikal na Bermudian! Kung gusto mo ng guwapo, ipapakilala na lang kita sa mga kaibigan ko! Sila na lang ang kuhanan mo ng picture!”

“May mas guwapo pa sa ’yo dito?” bulalas ni Jaymie bago ito tumawa.

Tumawa na rin siya. “Oo naman.”

“Sige nga! Ipakilala mo ako. Kumusta ba ang nightlife dito sa Bermuda?”

Agad niyang pinagsisihan na binanggit niya ang mga kaibigan. Pero puwede na rin. Puwede niyang gawing dahilan ang pagpapakilala niya rito sa mga kabarkada niya para ayain itong lumabas.

“May mga bars dito kung ’yun ang gusto mo. You can drink, listen to music, dance, that sort of thing.”

Pabirong ngumiti si Jaymie habang inaalís nito ang life vest. “That’s not your scene, huh?”

Nagkibit-balikat siya at tinulungan ito. “Not really. Minsan, oo, pero hindi masyado.”

“Ano bang idea mo ng nightlife?” tanong nito habang naglalakad sila pabalik sa dive shop.

Mabilis ang naging sagot niya. “Dinner ’tapos tulog.”

Tumawa si Jaymie.

Napangisi si Reece. “Boring talaga akong tao. Mahirap magkaroon ng nightlife habang nag-aaral, eh. ’Tapos kapag summer, pagod ako sa trabaho sa araw. Mas gusto ko ’yung tulog sa gabi kaysa sa naglalasing.”

“But what do you do for fun?”

“Here in the island? Swim, dive, take one of the boats out. I ride my bike and go from one end to the other. I watch movies. And I read.” Pasimple niya itong sinulyapan. “Sorry na at geeky talaga ako.”

“O, ba’t ka nag-so-sorry? Geeks are cute!”

Nagliwanag ang ekspresyon niya at pabiro siyang itinulak palayo ni Jaymie.

Nagbanlaw sila sa shower area sa beach. May iba pang naroon pero hindi kasing-dami ng tao sa ibang beaches. Mas gusto nga iyon ni Reece. Mas private kasi ang lugar na ito dahil tatlong bed-and-breakfasts lang ang naghahati-hati sa beach na ito. Kung may biglang magtayo ng hotel sa lugar nila, baka gumulo lang. Ayaw pa naman ni Reece ng masyadong maraming tao.

Kumaway sa kanya ang dalawang babaeng nakasuot ng maliliit na bikini at nagsa-sun bathing nang makilala siya ng mga ito. Kambal ang dalawa

na taga-California at nagbabakasyon sa Bermuda. Naging guide siya ng mga ito nang mag-snorkel ang dalawa noong isang araw.

Kumaway rin siya pero nang ayain siya ng dalawa na lumapit, isinenyas niya si Jaymie at sinabing sasamahan muna niya ito pabalik sa dive shop.

“Okay lang naman akong bumalik mag-isa kung gusto mong sumama sa kanila,” sabi ni Jaymie nang naglalakad na silang muli.

“Naku, hindi! Buti nga kasama kita, eh. Kahapon, kinailangan kong magkunwaring hindi ko sila narinig n’ung inaya nila akong sumama sa kanilang maghapunan.”

“Bakit?”

“Suplado ako, eh.” Tumawa si Jaymie. “Saka nakakapagod silang kasama. Wala silang tigil sa kakasalita ’tapos gusto pa nilang pareho ng atensyon.”

Nilingon niya si Jaymie nang marinig ang mahina nitong tawa. “Suplado ka nga. Buti sa ’kin hindi.”

“Hindi ka naman nakakapagod kasama,” he told her honestly. His heart skipped a beat when she smiled happily at him. He had to clench his hand to stop himself from taking hers.

## CHAPTER *Three*

**D**ahil sa jetlag, bigla-bigla na lang inaantok si Jaymie. Binawi niya ang tulog nang gabing iyon at nagising siya ng alas tres na ng hapon kinabukasan. Ibig sabihin ay alas tres naman ng umaga sa Manila. Pinilit niyang bumangon dahil ayaw niyang may masayang siyang isa pang araw.

Nagbihis siyang muli ng shorts, T-shirt at sneakers, saka siya bumaba sa first floor. Kumaway siya kay Aunt Nancy at ngumiti sa kausap nitong magkapareha na mukhang honeymooners. Sinabihan siya ng babae na may pagkain pa sa kusina kung nagugutom siya kaya kumain na muna siya ng late lunch, saka siya demerecho palabas sa swimming pool area sa likod-bahay. Paglampas doon ay ang hagdan pababa sa beach.

Muli siyang naglakad papunta sa dive shop ng kapatid ni Aunt Nancy. Hindi pa niya nakikilala ang lalaki, pero Uncle Jim na rin ang tawag niya rito sa isip dahil iyon ang tawag ni Reece sa lalaki.

Kahapon, pagbalik nilang dalawa sa bahay, likod na naman nito ang naabutan niya dahil papalabas na ang lalaki nang pumasok sila ni Reece sa dining room.

Nang pumasok siya sa dive shop, si Casey naman ang naabutan niya. She was a slim and pretty woman in her late teens with short, kinky hair and dark skin. Ang naalala agad ni Jaymie rito ay si Lupita Nyong'ò, iyong Kenyan-Mexican actress na tumalo kay Jennifer Lawrence sa Best Actress award sa *Oscars*.

“Hi! Reece is at the shop.” She spoke with that unique, Bermudian accent that sounded both British and American at the same time.

“All right. Thanks!”

Dumerecho na siya ulit sa shop sa likod ng opisina. Napahinto siya sa pinto dahil ang sumalubong sa kanya ay isang hubad na malapad na likod na tila gawa sa tipak-tipak na matigas na mga muscles na binalot sa kayumangging balat. Buti nga lang at naka-shorts si Reece dahil baka di niya kayanin kung naka-*Speedo* lang ito. Gayunpaman, napakiling pa rin sa isang banda ang ulo niya habang sinusundan ng tingin ang mahaba at maskulado nitong mga binti.

Napalunok siya bago lumipad sa mukha nito ang mga mata nang lumingon si Reece sa kanya.

“Oh, hi!” magiliw nitong bati na parang tuwang-tuwa na naroon na siya.

Ang sarap lang sa pakiramdam na may isang taong ganoon ang reaksyon kapag nakikita siya, na para bang napaka-special niya. *’Tapos ganito pa kaguwapo?*

Nagpatuloy ito. “I went to pick you up this morning but Aunt Nancy said you weren’t up yet. Did you sleep well?”

Siniguro niyang hindi bababa sa dibdib at abs nito ag mga mata niya. She smiled brightly. “Yes, very well, thank you. And I’m sorry, I was so tired that I slept through my alarm.”

“Don’t worry about it. Gusto mo na bang umalis?”

“Oo sana. Okay lang ba?”

“Oo naman. Sige, sandali lang. Magbibihis lang ako ’tapos alis na tayo.”

“Okay lang ako kung may gagawin ka pa.” *Papanoorin lang kita.* “Puwede naman akong maghintay.” *Basta huwag ka munang mag-T-shirt.*

Pero inabot na nito ang isang backpack. “Tapos naman na ako. May sinamahan lang din akong mag-snorkel kanina kasi nag-break ’yung isa naming kasama. Hintayin mo lang ako sandali.”

“All right.” She followed him with a wistful gaze



as he walked toward the shower room, then blew a long, low breath when the door closed behind his tight butt.



“Sigurado kang okay ka lang na... ano ulit ’yung tawag?”

“Nakaangkas.”

“Yeah, ’yun. Sigurado kang okay ka lang na nakaangkas ka sa ’kin?”

“Yeah, okay lang,” sagot ni Jaymie habang isinusuot ang helmet. Nagdesisyon silang mag-rent na lang ng scooter imbes na magkotse para raw mas ma-experience niya ang Bermuda.

Sumakay si Reece sa scooter. Sumampa rin siya at naupo sa likod nito saka humawak sa mga balikat ng lalaki. Pakipot muna siya. Mamaya na pag-uwi, pag medyo mas close na sila, saka siya yayakap sa baywang nito.

Buti na lang at hindi nakatingin sa kanya si Reece. Hindi nito nakita ang pilya niyang ngisi.

Binuhay nito ang makina ng scooter at humigpit ang kapit niya sa mga balikat ng binata nang magsimulang umandar ang sasakyan.

Medyo makurba ang kalsadang tinahak nila. Sa magkabilang banda ay mga puno at iba pang halaman. Marami silang nakasalubong na tulad nila ay nakasakay rin sa scooter at namamasyal. May

mga dinaanan silang malalaking bahay at ibang mga B&B. Madalas ding sumisilip-silip ang dagat sa pagitan ng mga puno.

Huminga nang malalim si Jaymie at in-enjoy ang biyahe.

Hindi nagtagal, iniliko ni Reece ang scooter sa isang daan papasok sa isang parking lot. Kumaway ang lalaki sa isa sa mga nagbabantay roon, saka nito ipinarada ang scooter sa isang bakanteng espasyo. Muling bumuntong-hininga si Jaymie dahil mula roon ay tanaw na naman ang dagat.

Bumaba sila at naglakad sa buhanginan. It reminded her of blush dahil kulay peachy-pink iyon. Mula ngayon, iyon ang maiisip niya kapag nagme-makeup siya, na kakulay ng paborito niyang blush ang buhangin sa Bermuda.

“Ano’ng meron dito?” tanong niya habang naglalakad silang dalawa.

“Jobson’s Cove. Isa siya sa mga sikat na lugar dito.”

Tumango si Jaymie pero hindi na siya nakatingin kay Reece. Mula sa kinatatayuan nila, nakikita na niya ang Jobson’s Cove. And it was beautiful.

It was a small, secluded beach bracketed by sharp, steep cliffs before the bay joined the sea. Gaya sa nilalakaran nila, kulay peachy-pink din ang buhangin doon.

At ang mas maganda, bukod sa magkaparehang

magkahawak-kamay na naglalakad palapit sa kanila, wala nang iba pang taong naroon.

Iniwan niya si Reece at tinakbo ang tubig. Maligamgam iyon at malinis. Nilingon niya ang binata. “Okay lang mag-swim dito?”

“Oo naman.”

Bumalik siya sa kinatatayuan nito sa tabing-dagat at iniabot dito ang dala niyang dry bag. Pagkatapos ay nagtanggap na siya ng mga damit hanggang sa ang suot na lang niya ay puting two-piece bikini.

Naalala niya iyong isang gabing para silang mga batang naghagikgikan ng mama niya habang nangangako na pareho silang mag-bi-bikini pagdating nga raw nila dito. Sayang at hindi na iyon natupad.

Oh, well. Sabi nga niya, tutuparin niya para sa kanilang dalawa ng mama niya ang lahat ng mga pangarap nila.

Nilingon niya si Reece at nakitang nakatayo lang ito, hawak ang dry bag na iniabot niya rito, nakatulala habang nakatingin sa kanya. Ngumisi siya.

Tatlong buwan siyang nag-diet at nakailang sessions sa *Aivee Clinic* para lang magkaroon ng confidence na mag-two piece! And based on the look on his face, it was all worth it.

Tumikhim si Jaymie. Natauhan ito at biglang

tumingala sa langit na para bang naghahanap ng mga ibon sa himpapawid.

Tumawa na siya saka binawi ang dry bag niya. “Kuhanan mo naman ako ng pictures o.”

Marahas itong lumunok pero tinanggap ang camera niya. Noon siya tumakbo pabalik sa tubig saka tumatawang nag-pose nang nag-pose.

“Thank you!” tawag niya pagkatapos. “Halika na! Langoy na tayo!”

“Sige na! Okay lang ako dito!”

“Hindi puwede! Kailangan mo ring lumangoy!” tawag niya ulit. Pero nang maupo si Reece sa buhanginan, pumalatak siya at lumapit. Hinila niya ito patayo. “Sige na! Wala namang ibang tao. Walang magnanakaw ng mga gamit natin. Sige na! Para may kasama ako.”

“Sige na nga.”

“Yay!”

Ibinaba ni Reece ang camera niya pagkatapos ay hinila na rin nito paalis ang suot nitong T-shirt. At iyon naman talaga ang dahilan kung bakit pinilit ito ni Jaymie lumangoy.

God, kung alam lang siguro ng lolo niya na ganito siya sa lalaki, ipapasok talaga siya nito sa kumbento! Old-fashioned kasi ito at saksakan ng pagka-conservative. Hanggang sa mamatay ang mama niya ay hindi yata nito napatawad ang anak dahil nabuntis ito sa edad na seventeen at naging

single mother.

Pero di bale na! What her lolo didn't know about Jaymie wouldn't hurt him.

Lumangoy lang sila ni Reece. O lumangoy si Reece. Mas naglublob lang siya. Obviously, mas magaling lumangoy sa kanya ang binata. Halatang tubig ang elemento nito.

Nang mapagod, umahon sila at naupo sa tabing-dagat habang pinagmamasdan ni Jaymie ang paligid. It felt like they were in a secluded paradise.

“Parang kahit saan tayo pumunta rito sa Bermuda maganda, 'no?” puna niya.

“Oo kahit saan talaga.”

Sinulyapan niya si Reece na nakatukod sa buhangin ang mga siko habang nakaunat sa harapan nito ang mahahaba at maskuladong mga binti. Sa ayos nito, parang lalong naging defined ang linya ng abs nito. Kinailangan niyang lumunok ng laway bago siya nakapagsalita ulit.

“Curious pala ako. Ano'ng paniniwala n'yo rito tungkol sa *Bermuda Triangle*?”

Also known as the Devil's Triangle, iyon ang lugar sa gitna ng karagatan kung saan maraming nawawalang mga barko at eroplano dahil sa mga mysteryosong kadahilanan. Ang sabi, ang tatlong points daw ng triangle ay nasa Miami, Florida sa US, sa Bermuda at sa San Juan sa Puerto Rico.

“Iba-iba,” sagot ng binata. “May mga naniniwala,

merong mga hindi.”

“Eh, ikaw?”

Umangat ang isang sulok ng mga labi ni Reece. “To be honest, no, not really.”

“Talaga? Bakit naman?”

Nagkibit-balikat ang binata. “Yung sinasabi kasi nilang ‘Triangle,’ that’s one of the busiest shipping areas in the world. It’s only logical that there are more accidents there. Parang sa mga highway, mas maraming dumadaan sa mga highway kaya mas marami talaga ang mga maaaksidente doon kaysa sa mas maliit na kalsada.”

“Pero hindi mo rin kasi maiwasang mapaisip at magduda,” giit niya. “I mean, I’ve read about it. Kinilabutan ako d’un sa kwento tungkol d’un sa World War II bombers.”

Isa sa mga pinakamistryosong nangyari sa naturang lugar ay ang pagkawala ng grupo ng mga eroplanong tinatawag na *Flight 19*. Noong 1945, isang grupo ng mga eroplano ng *US Navy* ang dumaan sa *Bermuda Triangle* para sa isang combat training exercise. Pabalik na ng Florida ang limang *Grumman TBM Avengers* nang mag-report ang flight leader—isang experienced naval officer—na tila naliligaw sila at na nagloloko ang compass ng mga eroplano.

Hindi nagtagal, nawalan na ng komunikasyon ang naval base sa mga piloto. Five aircraft and

fourteen airmen were lost. Hanggang sa kasalukuyan, wala pa ring katiyakan kung ano talaga ang nangyari sa mga ito.

“Nabasa ko rin ’yun. I’m not discounting the fact that people do get lost in the *Bermuda Triangle* because they do. Pero sa palagay ko, may dahilan ang lahat. ’Yung sa *Flight 19*, I think talagang naligaw ’yung flight leader. There’s something called spatial disorientation, you know, when a pilot has no idea where the horizon is or when a diver can’t tell where the surface is? It happens and—”

Huminto si Reece nang mapalingon ito sa kanya at napansing nakatingin lang siya rito. Namula ang mga pisngi nito.

“Sorry, I’m boring you.”

“No! I’m interested! Isa pa, I started it. I really want to know what you think.”

*And, God, you’re so sexy! Smart guys are so sexy.*

“Well, ’yun nga.” Umayos na si Reece ng upo at ginaya siya na yakap na ang mga tuhod. “Sabi d’un sa nabasa ko, he probably thought that they were already over the Florida Keys when in fact, nasa Bahamas pa lang sila, kasi naligaw nga siya. So ’yun, lumayo na sila nang lumayo going in the wrong direction until they all ran out of fuel.” Nagkibit-balikat itong muli. “Sabi ko nga, I know people *do* get lost in the Triangle, but I’m pretty sure there are sound, logical, scientific explanations to every one.”

“So hindi ka naniniwalang kinidnap ng aliens ’yung ibang nawala?” biro niya.

“Again, no, not really.” Nilingon siya nito. “But that doesn’t mean that I don’t believe in the possibility.”

“Paano ’yun? Teka, ibig mong sabihin naniniwala ka sa aliens?”

“Sa laki ng universe? Parang imposibleng tayo lang ang nandito, eh. Ang dami pa nating hindi alam. I mean, look at the ocean. We’ve only explored roughly 5% of the Earth’s waters and 1% of the ocean floor. Right now I can tell you that mermaids don’t exist pero kung ang mermaid pala, eh, humanoid na naglalakad sa pinakailalim ng karagatan, hindi pa natin alam ’yun ngayon kasi nga hindi pa natin na-e-explore ’yung bahagi ng karagatan kung saan sila nakatira.”

“So you believe in mermaids?”

“No, but I believe it’s *not* impossible that mermaids or something like them exist.”

Hindi na niya napigilan ang ngisi. “You’re so cute.”

Mahina nang tumawa si Reece. “Yes. And sorry talaga. Madaldal na naman ako.”

“No, no, I like it.” Pinagpag ni Jaymie ang buhanging kumapit sa mga binti niya. “You make sense.”

Nilingon niya itong muli nang hindi sumagot si



Reece. Nakatingin lang ito sa kanya. “You actually get me, don’t you?” mahina nitong saad.

Matamis siyang ngumiti rito. “I guess I do.”

Tahimik na tumawa ang binata at tumingin sa dagat. “Pasensya ka na. Most of the time I don’t let my mouth run like that. Madalas kasi kapag hinayaan ko lang ’yung sarili kong magsalita, pagtingin ko sa kausap ko kunot na ’yung noo niya kasi hindi niya ako naintindihan o kaya nakatulog na siya.”

“Gan’un? But I actually enjoy talking to you. May sense kang kausap. O, bakit?” tawa niya nang ngumisi si Reece.

“You’re one of the few people who thinks that I actually make sense.”

“Eh, baka kasi matalino rin ako,” mayabang niyang saad na ikinatawa ng lalaki. They grinned at each other. “Isa pa, I love conversations like this, ’yung hindi mo na alam kung paano kayo napunta sa pinag-uusapan n’yo ngayon.”

“Well, I like talking to you too. But feel free to tell me to stop when I’m not making sense anymore.”

Actually, kahit hindi niya na siguro naiintindihan ang binata, hindi pa rin niya ito pahihintuin sa pagsasalita. Ang sexy kasi ng malalim nitong boses. Jaymie could listen to him talk all day. In fact, she could listen to him read an instruction manual if that’s what it would take to hear him talk.

Gusto kasi niyang matalino ito at open-minded.

He was a scientist who believed that everything that happened in the *Bermuda Triangle* had a scientific explanation but that aliens and mermaids were not impossible. How cute was he?

*'Tapos ubod pa ng guwapo at sexy!* How could she resist a guy like that? And why would she?

Umuwi sila bago lumubog ang araw. Nang maihatid siya nito sa *De Clare House*, ipinarada nito ang scooter saka siya inihatid sa pinto, like a proper gentleman after a date.

“So, saan tayo bukas?” tanong niya na nakatingala rito.

“May sasamahan ako ulit mag-snorkle bukas ng umaga, pero libre na ako pagkatapos ng lunch. Ipapasyal na lang muna kita dito sa Southampton para hindi ka naman magsawa sa mga beach.”

“Hindi naman ako magsasawa sa beach pero siges, mamasyal muna tayo sa ibang lugar.”

“All right.”

Then they just looked at each other. The sky behind him was streaked with red and orange and pink, and his messy, wind-blown hair seemed lighter, and his eyes were more golden than brown as he looked into hers.

Was he going to kiss her? She felt her hands tighten around the straps of her bag and her pulse jump.

*Sana po, Lord, para hindi ko kailangang manguna.*

Nagsimulang bumaba ang mukha ni Reece at nagsimulang bumigat ang talukap ng mga mata ni Jaymie pero bigla rin silang lumayo sa isa't isa dahil bumukas ang front door.

“Oh, ah, sorry. I’m, ah... yeah,” utal-utal na sabi ng isang lalaki. Si Uncle Jim. Namimilog ang mga mata nito at namumula ang mga pisngi. “Sorry,” ulit nito bago muling sumara ang pinto.

Napakamot sa batok si Reece. “Yeah, uhm, yeah. Know what? I’d better go, too. So I’ll just... pick you up tomorrow after lunch.” Tulad ng lalaking nakahuli sa kanila sa pintuan, nautal na rin ang binata.

Binigyan niya si Reece ng isang malaking ngiti para pagtakpan ang disappointment na hindi matutuloy ang first kiss nila. “All right. I’ll see you tomorrow.”

“Yeah. See you.”

Sumakay itong muli sa scooter, nagsuot ng helmet saka kumaway sa kanya bago nito binuhay ang makina. Kumaway din siya saka pinanood itong makalayo.

Pumasok na siya ng bahay saka umakyat sa silid niya. Nang mahiga sa kama, niyakap ni Jaymie ang unan niya at ibinaon doon ang mukha para walang makarinig sa kinikilig niyang tili.